I-PIN ang Iyong 2025 SUN Bucks Card Bago Mag-expire ang Iyong Mga Benepisyo!

Tinutulungan ng SUN Bucks ang mga pamilya na bumili ng mga grocery para sa mga karapat-dapat na bata kapag walang pasok. Ang bawat SUN Bucks card ay mayroong $120 at maaaring dumating sa iba't ibang oras sa buong panahon ng tag-init para sa bawat bata. **Ang SUN Bucks ay hindi nakakaapekto sa katayuan sa imigrasyon ng iyong pamilya.**

NARITO ANG DAPAT GAWIN KAPAG NAKUHA MO ANG IYONG 2025 SUN BUCKS CARD SA KOREO

Paano gamitin ang iyong SUN Bucks card...

Pumili ng Personal Identification Number (PIN) para sa iyong card sa pamamagitan ng pag-log in sa ebtEDGE na aplikasyon sa mobile, pag-log on sa www.ebt.ca.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa SUN Bucks Helpline sa (877) 328-9677.

Siguraduhing gastusin ang iyong SUN Bucks bago ang mga benepisyo ng CalFresh at sa loob ng 122 araw pagkatapos mai-load ang mga pondo sa iyong card.

Kung ayaw mong gamitin ang iyong 2025 SUN Bucks card…

Tawagan ang SUN Bucks Helpline sa (877) 328-9677 upang makipag-usap sa call center tungkol sa pag-opt out sa programa ng SUN Bucks para sa 2025.

Pagkatapos mag-opt out, maaari mong sirain ang mga hindi gustong SUN Bucks card.

Ano ang mabibili mo gamit ang SUN Bucks:

- prutas at gulay
- mga dairy na produkto
- mga buto at halaman, na gumagawa ng pagkain para makakain ng sambahayan
- karne, manok, at isda
- mga tinapay at cereal
- iba pang mga pagkain tulad ng meryenda at mga inuming hindi nakalalasing

Ano ang hindi mo mabibili gamit ang SUN Bucks:

Ang SUN Bucks **ay hindi maaaring** gamitin para sa mga maiinit na pagkain, pagkain ng alagang hayop, panlinis o mga gamit sa bahay, mga gamit sa personal na kalinisan, o gamot.

Ang mga batang nakakuha ng SUN Bucks **ay maaari** pa ring lumahok sa iba pang mga programa sa pagkain sa tag-init sa kanilang mga komunidad. Upang makahanap ng lugar na pinakamalapit sa iyo, tumawag sa 1-866-3-HUNGRY (1-877-8-HAMBRE), i-text ang “pagkain” o “SFSP” sa 1-914-342-7744, o bisitahin ang www.fns.usda.gov/summer/sitefinder.

Gusto Mo Bang Mas Matuto Pa?

- Bisitahin ang http://www.cdss.ca.gov/SUNBucks.
- Tingnan ang CDSS YouTube SUN Bucks Playlist.
- I-scan ang quick response (QR) na code.

Ang programa ng SUN Bucks sa California ay ginawang posible sa pagpopondo mula sa Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (US Department of Agriculture o USDA), Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon (Food and Nutrition Service o FNS) at inihahatid sa iyo ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services o CDSS) sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education o CDE).
www.cdss.ca.gov/sunbucks | www.cde.ca.gov/ls/nu/sf | SUNBucks@dss.ca.gov.
Ang USDA ay isang tagapagbigay ng pantay na oportunidad, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram. 2025
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.fns.usda.gov/summer.